Ang Teresa ay isang maliit na bayan na napapagitan sa bayan ng Antipolo at Morong, lalawigan ng Rizal. Ang lupang nasasaklaw ng bayan ay humigit kumulang sa 11,078 hektarya. Ang mga karatig bayan sa paligid nitoay Antipolo sa dakong Hilaga, Binangonan sa dakong Timog, Morong sa Amihananat bulubundukin ng Angono at Antipolo sa Habagatan. Ang layo nito sa Maynila ay 37 kilometro. Ang kabayanan ay napsapaligiran ng bundok na mayroon mga likas na kayamanan na nakukunan ng semento, batong marmol, guano at iba pa. Ang pangunahing gawain ng mga tao ay magtanim ng palay at iba pang mga halamanan, mag-alaga ng hayop gaya ng baboy at manok. Ang salaping pumasok sa kabang yaman noong taong 1959-1960 ay $144,848.66.

Ang mamamayan ay may angking pagkakaisa at kasipagan. Mga tahimik at masunurin sa batas, dala palibhasa'y namulat sa magagandang ugali at kabihasnan n gating mga ninunong katutubong Pilipino. Ngunit malaki ang ipinagbago ng pag-uugali at kilos ng mga tao ng matapos ang Ikalawang Digmaan Pandaigdig. Ito ay mababakas sa mga makabagong moda sa pananamit at malaking pag-aalang –alang sa mga bagay na galling sa ibang bansa. At karaniwan na ang umaasa sa tulong at biyaya ng pamahalaan.

Ang Pamahalaang Bayan ay nakapagpatayo ng isang bagong gusali noong 1956, sa tulong ng Pambansang Pamahalaan. Noong 1959 isang Pamilihang Bayan ang naipagawa. Ang Palingkuran ng Tubig o Teresa Water Works ay hindi pa umaabot sa nayon ng Prinza, na ang tanging pinagkukunan ng tubig ay isang Poso Artesiano.

Alinsunod sa mga pasalin-saling kasaysayan ng mga unang taong nagsipanirahan sa mga lupang ngayon ay nasasaklaw ng Teresa, ang matatabang lupa a kapatagan, ang ilog na dinadaluyan ng malinis na tubig, ang mga bukal na may tubig na mistulang kristal ay nakabighani sa mga tao ng ibang pook. Dito sila nagsilikas at palagian ng nanirahan. Karamihan sa mga taong ito'y taga-Morong.

Ang Morong noon, ay isang lalawigan na binubuo ng mga bayan ng Cainta, Taytay, Antipolo, Bosoboso, Baras, Cardona, Binangonan, Angono, Pililla, Tanay, Jala-Jala. Ang Teresa naman ay nakikilala sa tawag na Oroquieta.

Noong taong 1732, ayon sa kasaysayang sinulat ng isang Paring Fransiskanong si San Antonio, mayroon nang bisita ng Nuestra Sekora de Santa Rosa dito sa mga lugar na ito. Noong unang araw ng Abril, 1878, ang mga punong Kastilang sina Alaminos at El Alcantara ay nagpahayag ng pagsang-ayon sa isangkahilingan ng mga naninirahan sa mga nayon ng Santa Rosa, Pantay, Prinza at Buhangin upang ang mga nasabing nayon ay makilala sa tawag na Oroquieta. Ang kahilingang ito ay sinangayunan naman ng Gobernador-Politico-Militar ng Morong at ng Kura Paroko.Ang Oroquieta noon ay mayroong 521 mamumuwis.

Pagkaraan pa ng ilang panahon, ang mga taong nagsilikas sa Teresa ay nangawili at palagian nang nanirahan doon. At ang bilang nil;a ay naragdagan. Tahimik silang nagbubungkal ng lupa na kanilang kinakaingin at dinadalatan. Tinataniman nila ng palay at iba't-ibang halaman. Sagana ang kanilang inaani at ang mga pangunahing pangangailangan sa pamumuhay ay naidudulot sa kanila ng masaganang kalikasan sa paligid. Ang pamumuhay nila ay ganap na tahimik, tiwasay at matatag. Ngunit may pagkakataong ang mga pinaiiral na patakaran at kautusan sa kabayanan, sa kanilang pagkakakilala, ay kabilanin at hindi wasto. Nagdulot ng mga taga-Oroquieta ng isang kahilingan na ito ay maging isang bukod na bayan. Ang mga matatanda sa nayon ang nagdulog ng kahilingan. At ayon sa ating mga matatandang nabubuhay pa, si G. Serapio Prequitquit Santos ay isa sa mga matatanda sa nayon kilala noong mga panahong yaon. Ang kahilingan, sa tulong ng isang manananggol na kastila na nanunungkulan sa lalawigan ng Morong, ay nagkaroon ng katuparan at ang Oroquieta ay naging isang bayan nang taong 1882. Bilang pasasalamat at gantimpala sa manananggol na naglilingkod ng walang bayad sa mga taga nayon, ang bagong tatag na bayan ay pinangalanang, **TERESA** sa karangalan ng kanyang mabunying ina na si Dona Teresa. Nang ipagkaloob ang pagsasarili at pagiging bayan ng mga taga-Teresa, kamamatay pa lamang ng ina ngating magiting na manananggol.

Sa panahong yaon ang pamumuno at pamamahala sa isang bayan ay nasasalalay sa isang Gobernadorcillo o Kapitan Municipal na naglilingkod nang walang sahod. Ang kanyang tungkulin bukod pa sa isang punong tagapagpaganap sa bayan, ay maningil ng buwis para sa pamahalaang sentral, pangalagaan ang kapayapaan, mangasiwa sa mga sapilitang pagpapagawa ng kalsada, tulay at simbahan. Tumutulong siya sa Kura Paroko sa iba't-ibang paraan, tumanggap ng mga panauhin at mga manglalakbay. Sa lahat ng ito, iniuukolniya halos lahat ng kanyang panahon at salapi. Ang tanging kapakinabangangnatatamo ng isang gobernadorcillo sa kanyang mga gugol at kapagalan ay ang karangalan at puri na kalakip ng kanyang tungkulin. Nagiging pang habangbuhay na taguri sa kanyang asawa ay tinatawag na "Kapitana" at ang kanyang pamilya ay nabibilang sa "altasociedad", at sa lahat ng mga kilusan sa bayan, palagi siyang mayroon natatanging tungkuling ginaganap.

Ang kaunaunahang naging Gobernadorcillo nang pagtibayin ang pagiging bayan ng Teresa, ay si Don Platon Gonzales na taga nayon ng Prinza. Ang pamamahala ng Kapitan Municipal ay nagpatuloy hanggang sa sumiklab ang himagsikanlaban sa Kastila. Ang sumunod pang nagging Kapitan Municipal sa Teresa ay sina Don Raymundo Francisco, Don Esteban Sto. Domingo, Don Sotero Concepcion, Don Santiago Paingo Cruz at Don Hugo Celo Francisco. Itong huli ay siyang kapitan noong 1895.

Dito sa taong ito nagkaroon ng Huez De Paz ang bayan. Ang unang nanungkulan ay si Juez Felipe Natividad. Ang sumunod pa sa kanya ay sina JuezAtanacio H. Santos at Ramon Monte Cruz. Sabihin pa, ang katahimikan ay laganap sa bayan, at ang isipan ng mga tao ay nakatuon sa mga gawaing pangkabuhayan at kabanalan. Ang mga tao ay nagkaisang magbuo ng isang Hunta Real na siyang mangasiwa sa pagpapagawa ng simbahan. Ating madarama ang kapangyarihanng mga Paring Katoliko sa paghubog ng ating kabihasnan. Ang kaunaunahang naging Kura Paroko ay si Padre Exequiel Marino.Bagama't sa Morong siya namamalagi , siya ay malimit dito sa Teresa upang mag misa at mangalaga sa kabuhayangispiritual ng mga tao. Ngunit ang mga layunin at patakaran ng mga paring misyonero ay kaiba at

salungat sa mga pinaiiral ng mga Kastilang umuugit ng pamahalaan. Itong huli ay walang inaatupag kung hindi ang magpayaman sa sarili at magmalabis. Hindi naglaon ay sumiklab ang himagsikan.

Dala palibhasa'y naghahari sa puso ng bawat isa ang marubdob na damdamingmakabayan at ang malaking pagnanasa na makahulagpos sa tali ng kalupitan ng mga Kastila, ang mga magigiting na lalaki ng Teresa ay umanib sa kilusan ng himagsikan. Si Koronel Cornelio Garrovillas, alias Konding at si Kapitan Felipe Natividad, alias Bulutong ay nagtatag ng pangkat ng Katipunan at nakipaglaban. Sa unang pangkat na iyan, kabilang sila G. Lorenzo San Diego, alias Bugal; Sotero Concepcion, alias Kapitang Mateo; Martin Angeles, alias Malting Singhot; Tiburcio Natividad, alias Tigiti; Rufino Garrovillas, alias Biyahe; Santiago Paingo Cruz alias Pupor; Maximo Garrovillas, alias ImongTalong; Rosauro De Jesus, alias Kabisang Paulino; at Vicente Francisco, alias Alagaw. Sila ay namundok at nagtayo ng Real sa ibabaw ng Butadero sa Pinugay.

Sabihin pa, ang pag-aalsalaban sa mga Kastila ay parangapoy na lumaganap sa iba't-ibang panig ng kapuluan. At nang pasukin ng mga Katipunan ang Morong noog taong 1897, napaghinalaangkasama sa pagsalakay ang mga Katipunerong taga-Teresa, gayon din ang mga "comisinado" o mga tanod bayan. Ang Kapitan Municipal ay inalisan ng kapangyarihan ng Gobernador at ipinailalim sa Pamahalaang Militar ang bayan. Naglaan ng isang kampanyang kawal-Kastila (Casadores) sa Teresa at isang pangkat ng Guardia Civil ang siyang nagging tanod bayan. Naglagay din ng dalawangtinyente, na sina G. Antonio Espiritu Santo at G. Pablo Alejandro, bilang kasangguni ng Pamahalaang Militar. Si G. Rafael Mangona na noon ay guro sa Paaralang Bayan, ay ginawangtagapayo at taga-pagpaliwanag (interpreter) ng mga Kastila. Ipinagutos ng Pamahalaang Militar na ang lahat ng naninirahan sa nayon ng Pantay, Buhangin at Prinza ay umuwi sa kabayanan. Sinunog ang mga bahay sa mga nasabing nayon, gayon din ang mga ilang na lugar. Ito'y ginawa ng mga Kastila upang, di umano'y, gutumin ang mga manghihimagsik. At waring hindi pa nasisiyahan ang mga Kastila sa pagsunog ng mga kubo at bahay, tinipon lahat ang mga asawa ng mga napaghihinalaangKatipunerong taga-Teresa at piniit sa

Morong. Saglit na naglubay ang labanan at nagkaroon ng maiksing panahong katahimikan. Pagkaraan ng isang buwan, ang mga babaing na piit ay pinauwi. Ngunit ang hukbong Kastila ay sakbibi na ng kaguluhan at nanglulupaypay na. Nang muling sumidhi ang himagsikan, iniwan ng mga "Casadores" at Guardia Civil ang Teresa at nagtipon-tipon sa Morong. Noon naman ay kasalukuyangkinukubkob ng mga Katipunero sa ilalim ng pamumuno ni Heneral Emilio Aguinaldo ang lungsod ng Maynila. Kinubkob ng mga maghihimagsik ang Morong at ang mga tao ay nagsilikas sa Teresa. Nagpatuloy ang labanan at kasabay halos ng pagsuko ng Maynila, ang Morong ay isinukorin ng mga Katipunero.

Nang mapawi ang ulap ng himagsikan ang Kalayaan ng Bansang Pilipino ay ipinahayag sa Kawit, Kabite noong ika-12 ng Hunyo, 1898. Sa Teresa, napiling Pangulo si Brigido C. Cruz at ingat-Yaman si G. Diego Paingo Cruz. Sila ay nagtungokasama ang ilang mga kabig sa Kawit upang doon manumpa.

Nguni't ang panahong iyan, na nakilala sa tawag sa "Panahon ng Tagalog", ay hindi nagtagal. Ang digmaang Pilipino-Amerikano ay sumiklab. Ang iba pang pangyayari tungkol ditto ay nakatitik na sa kasaysayan ng ating bansa. At masakit man sa ating mga bayani at sa bayan, ang pamamahala ng mga Amerikano ay nagpatuloy.

Nang mapigilan ang hukbong Pilipino at ang lahat na bayan nasasakop ng Lalawigan ng Morong ay nakuha ng mga Amerikano, nagkawatakwatak ang mga sundalo. Nagsiuwi sa kani-kanilang bayan na dala ang kanilang mga baril. Ang iba naman ay ayawpasakop sa Amerikano at namundok. Ang mga sundalong namundok ay walang makain kaya malimit pumasok sila ng bayan at sapilitang nananamsam ng pagkain, damit at kalabaw. Hanggang sa matatag muli ang pamahalaang sibil at ang Teresa ay mapaanib sa Antipolo, lubhang naging maselan ang kalagayan ng bayan. Malimit ang nakawan, karangan. Kung minsan, kinukuha ng mga nasa bundok ang mga maginoo at namumuno sa Teresa upang ipatubos. Lalong naligalig ang bayan ng limangsundalongAmerikano ay nabihag sa pagitan ng Cardona at Binangonan at pinatay. Ang bangkay ay sa lupang Teresa natagpuan. Salamat sa makikisig na taong bayan sa pamumuno ni KonsehalMaximo Garrovillas at nahuling lahat ang

nangliligalig. Kabilang dito ang dalawangkilabot ng Teresa na si Eusebio Cagayan at Tomas H. Santos, na pawing nabilanggo nang habangbuhay.

Napili upang manungkulan sa ilalim ng bagong pamahalaan si G. Rafael Mangona bilang Presidente, G. Rosauro De Jesus, Bise-President; G. Brigido C. Cruz Ingat-Yaman; at mga kasangguni sina; Pantaleon Fernando, Maximo Garrovillas, Juan Sampinto, Pedro Alejandro, Jacinto C. Cruz, SaturninoTalanay, PrudencioFenequito Santos at Romualdo Cagayan.

Ang pangkalahatang pamamahala sa kapuluan ay nasakamay ng Gobernador Heneral.

Nang mapawi ang manliligalig at masasamangloob, lumitaw naman ang sakit na kolero at bulutong na namiyapis sa mga mamamayan hanggang sa taong 1906. Ang salot na ito ay kumitil sa hindi kakaunting buhay, maging bata o matanda man. At sadyayatangtinitikis ng kapalaran ang bayan dito sa panahong ding ito lumitaw ang balang na naging salot ng mga halaman. Ang mga palay sa bukid na nangatuyodahil sa hindi pag-ulan ay inubos ng langkay-langkay na balang. Ang tao'ylupaypay na sa sakit ay wala pang makain.

Nguni't ang ganyang mga pagkakataon ay nagbibigay lamang ng daan upang maipamalas ang hindi masukat na kapangyarihan ng diwa. Ang mga puno ng kakawati at pili na iniwanghubad at walang dahon ng mga baling ay ginawanguling at panggatong na siyang ipinagbibili naman ng mga tao sa Maynila, at karatig bayan. Gayon din ang mga kawayan. Ito'y binabalsa at ipinagbibili. Ang mga tao'y namulat din sa pagpapanagaraw o pagtatanim ng palay at mais sa panahon ng tag-init.

Upang mapabilis ang panunumbalik ng katiwasayan at kasaganaan ng bayan, ang Gobernador Heneral noong mga panahong yaon ay nagpahayag ng isang kautusan na ang mga maliliit na bayan ay mapasailalim ng mga karatig baying malalaki. Dahil sa kautusangiyon, ang Teresa, na kung minsa'ytinatawag na Santa Rosa de Lima alang-alang sa Patrona ng Bayan, ay napaanib sa bayan ng Antipolo sa kabila ng pagtutol ng

mamamayan. Nang taong 1902, ang Teresa ay muling nagging barrio sa ilalim ng Antipolo. Palibhasa'y ang karamihan ng mga tao sa Teresa ay lahing Morong at ang iba naman ay tunay na taga-Morong, minabuti pa nilang sa Morong mapaanib ang Teresa. Ngunit ang tinig ng maliliit na mamamayan ay hindi narinig at ang utos ng Gobernador Heneralnakapangyari. Ang lahat ng buwis at kinikita ng bayan ay doon napunta sa kabang-bayan ng Antipolo.

Mula ng maging nayon ng Antipolo ang Teresa, naghimagsik ang kalooban nila at wari'yano mang tulong at mabutingpakikisama na gawin ng mga taga-Antipolo'y hind imaging kasiyasiya sa mga taga-Teresa. Naragdag pa rito ang pagkakapangkat-pangkat ng mga tao sa ilalim ng mga lapian sa pulitika. Kaya't sa tuwingmagkakaroon ng halalan local, magkakalabangmahigpit ang mga taga-Teresa at Antipolo. Nang Cadastruhin ang Teresa, sa tulong at payo ni Don Juan Sumulong, maraming tao ang tumutoldahil lamang sa paghihinalang hindi makabubuti sa mamamayan ang masukat at magkaroon ng titulo ang lupang Teresa. Samantala, ang mga tao ay unti-untingnabubuksan ang isipan sa pamamaraan ng pamamahala at pulitika. Nang idaos ang pangatlonghalalangpambayan, mula ng maanib ang Teresa sa Antipolo, naglagay ng kandidato ang mga taga-Teresa. Si G. Roberto De Jesus ay ikinandidato sa pagkaPresidente sa ilalim ng Partido Federal. Ang bilang ng manghahalal sa Teresa ay 91. Ang kandidatong taga-Antipolo ay sina G. SeverinoOliveros, Federal, G. Alino Samson ng Partido, Nacionalista at si G. AmbrocioMasangkay ng Partido Federal din. Nahalal na pangulo si G. Roberto De Jesus, Pangalawang Pangulo si G. Jose M. Cruz at tatlongkonsehal na pawang taga Teresa. Si G. De Jesus ay nagtamo ng 91 na halal na siyang dami ng manghahalal sa Teresa. Hindi natinmatiyak na ang lahat ng manghahalal sa Teresa ay siyang tumangkilik sa kandidatura ni G Roberto De Jesus. Maari naming mangyari na ang mga manghahalal sa Antipolo na bumoto sa kanya at gayon din naman ang ilan sa mga taga-Teresa ay bumoto sa kandidatong taga-Antipolo. Nanatili sa paniniwala ng marami na ang pagkakaisa ng mga taga-Teresa ay isang katotohanan. Dahil sa tinamongtagumpay, ang mga taga-Teresa ay nagkaroon ng kasiyahan ang loob sa apat na taong panunungkulan ni G. De Jesus. Sumunod na halalan, muling kumandidato si G. De Jesus nguni't hindi nanalo. Kaya ngananariwa na naman sa mga taga-

Teresa ang hindi kasiyahan sa pagiging nayon ng Antipolo. Sa sumunod pang halalan, kumandidatong muli si G. De Jesus, nguni'tkaparis ng sinundanghalalan, hindi siya nagtagumpay.

Dahil sa muling pagkatalo ni G. De Jesus, nagkaisa ang mga taga-Teresa na magdulog ng isang kahilingan mapahiwalay sa Antipolo upang maging isang bayangnagsasarili sa tulong at pagsang-ayon ng Kgg. Eulogio Rodriguez Sr., Punong Lalawigan ng Rizal. Nguni'tsadyang ang pulitika ay humuhubog sa mga pangyayari at kabuhayan ng bansa. Karamihan sa mga taga-Teresa ay napaanib sa LapiangDemocrata at gayon din naman ang Gobernador ng Lalawigan, hindi napagbigyan ang kahilingan ng taga-Teresa. Ang tunay na dahilan ay hindi natinlubos na malaman.

Nang taong 1918, muling nagluhog ng kahilingan ang mga taga nayon ng Teresa. Ito'y pinangunahan ni G. Roberto De Jesus na nangakongpapanig sa LapiangNacionalista, kung pauunlakan ang hinihiling na pagsasarili ng Teresa. Dahil diyan at sa tulong ni Senador Rafael Palma at Kalihim Tagapagpaganap, Antonio De Las Alas, sinangayunan at pinagtibay ng Gobernador Heneral na si Charles E. Yeater. Ang kapasiyahangiyan ng paghihiwalay ng Teresa sa Antipolo upang maging isang baying nagsasarili ay nagkabisa noong Unang Araw ng Enero 1919. Dito'yipinahayag na ang baying Teresa ay sumasaklaw sa mga lupang binubuo ng bayan bago ito napasailalim ng pamamahala ng Antipolo.

Hinirang ng Gobernador Heneral si G. Roberto De Jesus bilang Presidente Municipal (Punong Bayan); G. Maximo Garrovillas sa pagkaBise-Presidente. At ang mga nahirang na konsehal ay sina Brigido Cruz, Jacinto H. Santos, Marcos Bru Cruz, Ricardo Santiago, Simeon Santiago, Alejandro F. Santos, Paulino Dela Rosa at Marcelino Natividad. Si G. Alejandro Bellin, taga Jala-jala, ang nagging Ingat-Yaman at si G. Francisco Majarais taga-Pangasinan ang HukomPamayapa. Ang bayan ay binubuo lamang ng tatlong nayon ng May-iba, Pantay at San Roque.

Nagsimula na rito ang isang panibagongsigla ng mga mamamayan tungo sa ikauunlad ng bayan. At palibhasa'y ang kalikasan ay hindi nagdamot, ang malinis na tubig ng bukal sa

Sukol ay masaganangdumadaloy sa kapatagan sa ibaba, at ang mayamang lupa ay binubungkal at tinataniman ngating masisipag na magsasaka. Sabihin pa, ang tanawingnamamalas noon sa paligid ng bayan ay may luntiangkulay ng mga halamang sagana at hitik sa bunga. Marami ang nagtatanim ng mga mais, pakwan, melon,mani at iba pang pananim sa tag-araw. Ang ani ng palay ay sagana rin at ito ay ibayong dami kaysa pangangailangan ng mamamayan.

Nagpatuloy ang matahimik at unti-untingpag-unlad. Pagkalipas ng tatlong taong pagsasarili ay malaki ang ipinagbago ng bayan.Noong ika-8 ng Nobyembre 1921, pinasimulang gawin ang Precidencia o gusaling bayan. Ang bawatmamayan ay masiglangtumutulong sa paggawa, ang iba naman ay kusangloob na nagbibigay ng mga abuloy. Nang sumapit ang ika-12 ng Pebrero, 1922 pinasimulan na gamitin ang gusali at sa ibabaw nito ay makikitangwumawagayway ang bandila ng bayan bilangtanda ng ganap na pagsasarili at kakayahan. Samantalangpatuloy ang paglakas ng pamahalaang bayan, mapapansin din natin ang ibayongsigla sa ibang panig ng kabuhayan. Sa pampaaralan, dumarami ang mga batang nag-aaaral at ang bahay paaralan ay nadaragdagan. Noong dumating ang ika-12 ng Hunyo, 1922, unang araw ng pasukan, ay pinasimulan din ang unang klase sa ikaanim na baiting sa kaunaunahang pagkakataon. Ang kasalukuyang Mababang Paaralan na ating makikita sa nayon ng Dalig ay nagsimula lamang sa iisangbulwagan, nguni't palibhasa'y ang diin ng pamahalaan ay iniuukol sa pag-aaral ng mga bata, ang maganda at maaliwalas na paaralan natin ngayon ay pinasinayaan noong ika-10 ng Mayo, 1925. Gayon din naman, sa nayon ng Pantay at Buhangin ay parami ng parami ang mga bahay at noong 1932, nagbukas ng bahay paaralan doon.

Ang mga mamamayan ay nagkaroon ng masidhinghangad na mapag-aral ang mga anak. Sa kabila ng kanilang kahirapan, maramirin naman ang naitaguyod ang mga anak at makapagtapos ng mataas na paaralan. Ang ilang mga may kaya ay nagpatuloy sa pagtuklas ng karunungan sa iba't-ibang Pamantasan sa Lungsod. Nguni't gaano man laki ang kanilang pagnanais, ang karalitaan ang siyang pumipigil upang maka-

pagbukas ng sariling hanap-buhay. Nagigingkasiyahan na lamang ang makasulit sa Serbisyo Sibil at maging palagiangkawani ng Pamahalaan. Dahil sa kawalam ng puhunaniisa lamang sa mga propesyonal ang nakapagtayo ng isang sarilibagama't maliit na tindahan ang Brig Drug Store.
Sa sining ng pulitika ang mga mamamayan ay masiglangnakikilahok. Ipinamalas nila ang kanilang katalinuhan sa pagpili ng mga taong uugit sa pamahalaang bayan. Sa unang pagkakataon ang halalanlokal dito sa Teresa ay idinaos noong ika-3 ng Hunyo, 1919. At ang napili ng bayan upang siyang umugit ng bagong silang na pamahalaan bayan ay si G. Roberto De Jesus na minsan ay nahalal na Presidente Municipal sa bayan ng Antipolo noong ang Teresa ay napaanib dito. Siya naman ay naglingkod ng buong ningning at walang pagtanggi. Dalawangulit siyang nahalal sa pagka-Pangulo (1919-1922).

Ang sumunod na halal sa pagka-Pangulo ay si G. Paulino Dela Rosa (1923-26). Sa kaniyang panunungkulan ay napansin muli ang pagmamaramot ng pulitika. Palibhasa'y si G. Paulino Dela Rosa'y hindi kalapian ng Punong Lalawigan, at dahil pa rin sa kasalatan sa pananalapi ng kabang-yaman, walang gaanongnaipagawangmehora sa bayan. Ang mga tao ay nahati at nagkapangkat-pangkat sa ilalim ng mga lapian. Ang mga pangkat naming iyon ay buongsiglangnanindigan sa mga alituntunin ng bawatisa.

Dahil sa hangarin ni G. Roberto De Jesus na manatili sa ilalim ng LapiangNacionalista ang pag-ugit ng pamahalaang bayan, muli siyang kumandidato. Siya ay nahalal na muli. Sa dakong huli ng panahon kaniyang panunungkulan hindi kasiyasiya ang kanyang pamamahala. Ipinagtanggolniya ang kanyang Ingat-Yaman na ang paglilingkod ay hindi kasiyasiya at dahil din sa hindi pag-uulat sa bayan ng mga salaping natanggap bilang abuloy ng mga taga-TeresangnasaAmerika sa pagpapapagawa ng gloryeta.

Nawalan ng pagtitiwala ang mga mamamayan kay G. De Jesus. Ng siya'y kumandidatong muli sa Panguluhan ng taong 1934 ay tinalo siya ni G. Francisco Gonzales, batang-batang kandidato ng taga nayon ng Prinza. Ang nahalal na Pangalawang-Pangulo ay si G. Vicente Garrovillas. At nang si G. Gonzales ay nahirang sa isang

tungkulin panlalawigan, si G. Garrovillas ang siyang naging pansamantalang Pangulo.

Noong 1937, kumandidatong muli sa pagka-Alkalde Municipal si G. De Jesus. Tinalo siya niG. Jose Monte Cruz na siyang naging kaunaunahang Alkalde Municipal sa Teresa. Sa panahon ng kanyang panunungkulan, palibhasa'y isa siyang magsasaka, ang mga kanal ng patubig sa bukid, ang sala sa Pantay at Buhangin ay naipagawa. Ito'y kanyang pinasimulang gawin noon pa mang siya ay halal naPangalawang Pangulo sa bayan ng Antipolo. Kanyang napasigla ang panghalaman lalo na ng masakop ng Hapon.

Sa panahon ng pananakop ng mga Hapones, hindi kakaunting hirap ang dinanas ni G. Jose M. Cruz sa pagtupad ng kanilang tungkulin. Sa kabila ng kanyang pagsisikap na mapaglingkuran ang bayan upang mailigtas sa kalupitan ng mga Hapones at upang magkaroon ng magandang pagkakaunawaan ng mga gerilya nawalan ng tiwala sa kanya ang magkabilang panig. Dahil diyan, at upang huwag nang maragdagan ang ligalig na naghahari sa bayan, hinirang ng Punong Lalawigan si G. Quiterio San Jose noong Hunyo 20, 1944. Siya ay nanatili sa pagka-Alkalde hanggang liberasyon. Nang magpanibagong tatag ang pamahalaan si G. Lamberto San Esteban ang siyang nahirang na Alkalde noong Abril, 1945. Siya naman ay nanungkulan hanggang Hunyo 19, 1946, nang muling mahirang bilang kapalit na Alkalde si G. Quiterio San Jose, sa rekomendasyon ni Gobernador Sixto Antonio at Kinatawan Lorenzo Sumulong. Tangi sa kanyang pagkakahirang, si G. Quiterio San Jose ay nahalal noong taong 1948.

Sa panahon ng ni G. San Jose, maraming gawaing bayan at suliranin ang kayang kinaharap. Ang mga silid paaralan ay kapos na kapos sa dami ng bilang ng mga batang mag-aaral. Sa kabutihang palad nakakuha si Alkalde Jose ng bayad-pinsala g digma at ito'y kanyang nagamit sa pagpapatayo ng isang bagong bahay paaralan bilang kapalit ng dating bahay paaralang sinunog ng mga kawal Hapones bago nilisan ang bayan at nagsilikas sa bundok. Ito'y hindi pa nagging sapat at upang matanggap na lahat ang mga batang mag-aaral, nagpatayo siya ng isang karaming may apat na silid at ang lahat

ng mga bata ay natanggap. Bilang ala-ala kay Gat. Jose Rizal, siya ay nagpatayo ng isang bantayog sa liwasan sa tulong ng Sangguniang Bayan at ni Padre Espiritu Hizon na Kura Paroko noon. Kaniya ring napasimulan ang pagpapagawa ng Teresa Wateworks.

Isang hindi malilimutang pangyayari ang naganap noong Setyembre 20, 1950. Ang mga Huk na naglipana sa kabundukan ay bumaba sa bayan. Sinunog ang bahay pamahalaan. Kasamang natupok ng apoy ang mga aklat at ang mga mahahalagang record at kasulatan ng bayan. Ang naging pansamantalang tanggapan ng pamahalaang bayan ay isang maliit at lumang bahay pagamutan.

Nguni't ang mga sugat at ligalig na tinamo ng bayan ay napapawi sa paglipas ng panahon. Sa halip na maigupo'y lalong tumitingkad at nagigingkanais-nais ang mga adhikain. Sapagka'tnakauikit sa puso ng mamamayan ang iwingdamdaming Pilipino may angking kakayahan. Tulad ng halaman na pinutulan ng usbong na sa halip na mamatay ay lalong yumayabong, ang ating bayan ay ganyan din. Napawi ang mga bahay sa Pantay at Buhangin nguni'tlumitaw naman ang nayon ng Dalig. Dati-rati'y ta-tatlo ang nayon ng Teresa ngunit ngayon dahil sa pag-unlad ng bayan ay dahil sa pagdami ng mamamayan. Ayon sa hulingsenso, 1960, ang bilang ng mamamayan ay umaabot sa 5,190. Noong 1948 ang Teresa ay mayroon 2,680 mamamayan lamang.

Simula sa panahon ng panunungkulan ni Alkalde Francisco C. Francisco, na unang nahalal noong 1951, nagpatuloy pa rin ang pag-unlad ng bayan. Kaniyang naipagpatuloy at natapos ang pagpapagawa ng Teresa Waterworks. Sapagka't lubhang kailangan ang malinis na tubig ukol sa kaligtasan at kalusugan ng mamamayan umutang siya sa Rehabilitation Finance Corporation. At kalakip ng tulong na bigay ni Senador Lorenzo M. Sumulong at ng Economic Cooperative Administration ng Amerika na nagbigay ng tubo, ang buong bayan nalaganapan at natustusan ng tubig na malinis noong 1953.

Sa panahon din ni Alkalde Francisco nakapagpatyo ng isang makabagong gusali ang Pamahalaan na pinasinayaan noong

1954 at isang “Health Center”. Sa taon-taon ay naipaayos ang iba’t-ibang mga lansangan at isang makabagong Pamilihang Bayan ang naipagawa nitong 1960.

Tangi sa lahat ang lalong mahalagang kaunlaran ng bayan ay ang pagkakaroon ng bukas na isipan ng mamamayan ay ang masigasig na pagnanasang ang bayan ay maging sagana at payapa.

# Office of the Governor - General

**Philippine Islands**

Manila, December 16, 1918

EXECUTIVE ORDER NO. 57


WHEREAS, many of the inhabitants of the former municipality of Teresa have petitioned that the same be separated from the present municipality of Antipolo, Province of Rizal, and recognized into an independent municipality;


NOW, THEREFORE, pursuant to the provisions of Section Sixty Eigth of the Revised Administrative Code, the twenty-five municipalities of the Province of Rizal as established by Section thirty eight of the said Administrative Code and Executive Order Numbered One Hundred Eight, series of Nineteen Hundred and Seventeen, are hereby increased to twenty-six by separating the former municipality of Teresa from the present municipality of Antipolo, Province of Rizal, and reorganizing the same into an independent municipalty.

The municipality of Antipolo shall consist of its present territory less the territory comprised in the former municipality of Teresa. The municipality of Teresa shall consist of the territory comprised in the former Municipality of Teresa.

The organization herein made shall take effect on JANUARY FIRST, NINETEEN HUNDRED AND NINETEEN.

(SGD.) CHARLES E. YEATER
*Acting Governor-General*







**Old Municipal Building**




**Old Teresa Health Department**



**Old Teresa Health Center**






**Old Market Building**




**Mga Guro ng Mababang Paaralang Bayan**





**Teresa Womens Club, Teresa, Rizal**



**Teresa Swimming Pool**




**Sources of Teresa Waterworks**



**Municipal Officials and Employees**
**Teresa, Rizal**



**Postmaster and Letter Carriers**



**Teresa Police Force**





**Municipal Treasurer Personnel Employees**

**Teresa Waterworks**

Source: 42nd Anniversary of Teresa, Rizal January 1, 1961 l (Souvenir Book)

**Mga Nanungkulang Alkalde sa Bayan ng Teresa**

| | |
|---|---|
| 1883 | Capt. Platon Gonzales |
| 1886 | Capt. Raymundo Francisco |
| 1887 | Capt. Esteban Sto. Domingo |
| 1889 | Sotero Concepcion |
| 1890 | Capt. Santiago Cruz |
| 1893 | Capt. Hugo Celo Francisco |
| 1898 | Pres. Brigido Capli Cruz |
| 1901 | Pres. Rafael Mangona |
| 1919-1922 | Hon. Roberto de Jesus |
| 1923-1926 | Hon. Paulino dela Rosa |
| 1927-1933 | Hon. Roberto de Jesus |
| 1934-1937 | Hon. Francisco Gonzales |
| 1938-1944 | Hon. Vicente Garovillas |
| 1944-1945 | Hon. Jose Monte Cruz |
| 1945-1948 | Hon. Lamberto San Esteban |
| 1949-1951 | Hon. Quiterio San Jose |
| 1952-1965 | Hon. Francisco Francisco |
| 1966-1971 | Hon. Arturo Natividad |
| 1972-1986 | Hon. Wilfredo S. Francisco |
| 1986-1998 | Hon. Edwin Francisco |
| 1998-2004 | Hon. Flor M. San Juan |
| 2004-2013 | Hon. Rodel N. Dela Cruz |
| 2013-2022 | Hon. Raul S. Palino |
| 2022-PRESENT | Hon. Rodel N. Dela Cruz |

FAST FORWARD

Teresa is a closely-knit community of peace-loving, educated and law-abiding citizens.

The municipality celebrates its town fiesta every first Sunday of March. The Turumba festival is observed on the 23rd day of August participated by St Rose of Lima devotees who honor the Patroness through dancing in the procession wearing Filipiniana.

Teresa is endowed with rich mineral deposits. Mining and quarrying is a major economic activity. It is home to one of the biggest cement factory in the country, the Republic Cement Corporation. It hosts a number of large to medium scale hog and poultry farms which are considered to be among the major suppliers of meat and poultry products not only in the neighboring areas of the municipality but expands to major markets in Metro Manila.  This established livestock and poultry industry provides significant agricultural activities to the locality.

Teresa is famous for its best solid waste management practice, the Integrated Solid Waste Management RecoveryFacility (ISWMMRF) located in SitioPantay, Brgy. Dalig.The MRF is a multi-awarded project of the municipal government that has been

visited by domestic and foreign tourists, local officials, students, and other interest groups for education purposes and possible replication.

Being near Metro Manila and adjacent to Antipolo City which is the provincial administrative center, Teresa is expected to be at the receiving end of the influx of population. It manifests rapid urbanization trends as a result of the growth momentum of Metro Manila and Antipolo City and the presence of large manufacturing and agricultural industries in the municipality.

The incumbent officials of the town are the following:

| | | |
|---|---|---|
| Hon. Rodel N. Dela Cruz | - | Mayor |
| Hon. Freddie L. Bonicacio | - | Vice Mayor |
| Hon. Fernand N. Dela Cruz | - | Councilor |
| Hon. Fernando P. Lopez | - | Councilor |
| Hon. Hoaward C. Francisco | - | Councilor |
| Hon. Suzette Anne F. Selibio | - | Councilor |
| Hon. Joker A. Santos | - | Councilor |
| Hon. Nemen M. San Jose | - | Councilor |
| Hon. Victorius Joshua T. San Jose | | Councilor |
| Hon. Leo D. Fullente | - | Councilor |
| Hon. Jose M. Manlangit | - | ABC President |
| Hon. Jerrie Vonn F. Bertiz | - | SK President |